KALATAS

Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

TOMO 39 BILANG 2 BASAHIN AT TALAKAYIN PEBRERO 2019

EDITORYAL

# Isulong ang pakikibaka ng mamamayan sa panahon ng reaksyunaryong eleksyon!

Magiging isang engrandeng sirkus ang nalalapit na *midterm election* para sa naghaharing-uri upang muli nilang iwasiwas ang kanilang kapangyarihan at ipanalo ang eleksyon gamit ang talamak na pandaraya at pandarahas. Tiyak na gagamitin naman ni Duterte ang okasyong ito upang higit na konsolidahin ang pasistang paghahari niya sa buong bayan. Ginagawa niya ang lahat ng maniobra at pandaraya para lamang ilusot ang mga kroni at pinagkakautangan niya sa kanyang anti-mamamayang gubyerno.

Matapos na makumpleto ni Duterte ang layuning makontrol ang Bangsamoro sa pamamagitan ng minanipulang resulta ng referendum ng Bangsamoro Organic Law, ang *midterm election* naman ang tiyak na pinoproyekto ng rehimen. Inilalagay lamang ni Duterte ang kapalaran ng mamamayang Moro sa kamay ng mga dambuhalang kapitalistang mandarambong na sa pamamagitan ng BOL ay higit na kakamkamin ang lupang ninuno ng mga Moro sa Mindanao. Ginagamit ni Duterte ang BOL upang supilin ang pakikibaka ng mamamayang Moro para sa pagpapasya-sa-sarili na dahilan ng madugong pananalakay sa Marawi at pagkakatatag ng mga armadong grupong Moro na naggigiit ng sariling kasarinlan ng Bangsamoro.

Ngayon, ginagamit ng rehimeng US-Duterte ang reaksyunaryong eleksyon para libangin muli ang mamamayan at ihiwalay sila sa pakikibaka para sa hustisyang panlipunan. Sa ilalim ng PDP Laban at ng Hugpong ng Pagbabago ng kanyang paboritong anak na si Sara Duterte-Carpio, nakasipat si Duterte na makuha ang mayorya ng senado at ng kamara upang makopo niya ang kapangyarihan ng buong kongreso. Susi ang buu-buong pagkontrol niya sa kongreso upang bigyang-daan ang iba pa nyang mga anti-mamamayang



# KALATAS

Pebrero 2019
TOMO 39 BILANG 2


NILALAMAN


1 Editoryal: Isulong ang pakikibaka ng mamamayan sa panahon ng reaksyunaryong eleksyon!

3 Balitang TO: Hydropower plant sa Oriental Mindoro, pinaralisa ng BHB

4 Rice Tarrification Law: Hudyat ng pagkawasak ng lokal na industriya ng bigas

6 Pagpapasuko, katuwang ng mabangis na kontra-rebolusyonaryong gera

7 Ang rebolusyonaryong kultura sa teatro ng digma

9 Bantay Karapatan

11 Balitang TO

12 Pulang saludo kina Ka Iñigo, Ka 25 at Ka Eldon



*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan.*

*Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*
*st.kalatas@gmail.com*
*balikwastk.wordpress.com*


batas at patakaran. Binibitbit ng mga manok ni Duterte ang napapanis nang panawagang "pagbabago" na ginamit din niya para makaupo sa estado-poder na sa katunaya'y hungkag at walang laman.

Pinapangarap ni Duterte na ganap na itatag ang walang taning na pasistang paghahari sa buong bayan. Ngayon pa lang, iniraratsada na ng kanyang administrasyon ang pagpapanalo sa kanyang mga kapamilya, mga kaalyadong burukrata at pasista tulad ng pamilyang Marcos at Arroyo at mga pinakamaaasahang tuta ng kanyang gubyerno. Ginagawa niya ang lahat upang ganap na idikta ang magiging resulta ng reaksyunaryong eleksyon na papabor sa kanyang ninanais. Kabilang dito ang pagpapakilos sa kanyang armadong pwersang AFP-PNP-CAFGU upang dahasin ang mamamayan at mailuklok sa pwesto ang mga alipures at tagasunod niya. Naging higit na malawakan at masinsin ang mga inilulunsad na operasyong militar sa mga komunidad sa kanayunan na katambal ng pangangampanya ng mga kandidato sa ilalim ng rehimeng US-Duterte.

Sa ibang lugar, ginagamit ng militar ang tabing ng mga *checkpoints, 'election hot spots'* upang ikubli ang ginagawa nilang talamak na militarisasyon sa mga lugar na tinataya nilang malakas ang presensya ng Bagong Hukbong Bayan at ang impluwensya ng rebolusyonaryong kilusan. Bahagi din ng kanilang *black propaganda* at *red tagging* ang pagsira sa reputasyon ng mga progresibong kandidato at partidong tumatakbo para takutin ang mamamayang huwag tangkilikin at iboto ang mga ito.

Kasabay naman ng pagpapatibay ng kontrol niya sa kongreso, patuloy pa rin ang ginagawang militarisasyon ni Duterte sa kanyang gabinete. Mga militar lamang ang pinagpipilian niya at nagpapalit-palitan sa halos lahat na ng nababakanteng pwesto sa reaksyunaryong gubyerno kaya't hindi kataka-takang mahigit 70 militar na ang nakaupo sa iba't ibang ahensya ng rehimen. Hindi mapapasubalian na ang AFP mismo ang nagpapatakbo sa rehimeng US-Duterte.

Samantala, nakaposturang opensiba si Duterte sa lahat ng kanyang mga kritiko at nakaamba itong gawin ang lahat ng hakbangin upang payukuin ang mga katunggali sa pulitika. Wala siyang sinasanto at maging ang mga kilalang mamamahayag, abugado, taong simbahan at mga negosyanteng tumutuligsa sa kanyang paghahari ay kanyang sinisiraan, ginigipit at patuloy na dinadahas. Ginagamit niya nang buong lakas ang reaksyunaryong batas upang supilin ang lehitimong pakikibaka ng mamamayan sa lahat ng sektor sa lipunang Pilipino.

Nahaharap ngayon ang mamamayan sa isa na namang panibagong dagok sa kamay ng pasistang rehimeng US-Duterte na nag-oobliga sa kanilang higit na paigtingin ang kanilang rebolusyonaryong pakikibaka. Sa gitna ng papatinding krisis panlipunan, dapat na magpunyagi ang mamamayan sa pagsusulong ng digmang bayan. Sa nalalapit na reaksyunaryong eleksyon, dapat na samantalahin ng mamamayan ang lahat ng pagkakataon upang isulong ang kanilang mga pambansa-demokratikong adhikain laban sa tiranikong paghahari ng rehimeng US-Duterte.

Hanggat hindi nila naibabagsak ang mapaniil na rehimeng US-Duterte at ang kumakanlong dito na malakolonyal at malapyudal na sistema, hindi ganap na lalaya ang mamamayan. Batid nilang hindi

eleksyon ang solusyon sa daan-taong suliraning kinakaharap ng mamamayan. Ang pagkakaluklok ni Duterte sa poder ay patunay na walang makabuluhang pagbabagong makakamit hangga't nananatili ang burukratiko-kapitalistang paghahari ng imperyalismo at lokal na naghaharing uri. Ginagamit lamang ito ng mga naghaharing-uri para pagmukhaing lehitimo ang kanilang paghahari at pagkopo sa kapangyarihan ng reaksyunaryong gubyerno habang patuloy pa rin ang kanilang paninikluhod sa among imperyalismong US.

Malalim na ang disgusto ng mamamayan sa rehimeng US-Duterte dahil sa patuloy na pag-aasta niyang diktador at ang namamayaning tiranikong paghahari niya sa buong bayan. Lalong lumalapad ang nagkakaisang prenteng anti-pasista sa lahat ng sektor at demokratikong uri sa lipunang Pilipino. Higit na nalalantad ang pagiging pasistang diktador niya sa kaibuturan dahil sa iba't ibang anyo ng panunupil at pandarahas niya sa mamamayan. Sa hanay ng mga panggitnang uri, nagiging mas aktibo sila ngayon sa paglahok sa mga isyung pambansa tulad ng pagtaas ng presyo ng mga pangunahing bilihin, talamak na pagpaslang sa ngalan ng gera kontra droga ni Duterte at ang patuloy na pagbaba ng antas ng pamumuhay ng mamamayan.



Nagiging mas bulnerable si Duterte sa lahat ng atake at ito ang pinakamagandang pagkakataon na dapat na sagpangin ng mamamayan upang patamaan sa iba't ibang bahagi ang rehimen at mapahina ito habang patuloy ang opensibang postura ng sambayanan sa lahat ng larangan ng digma. Dapat na tuluyang ilibing sa hukay ang pangarap ni Duterte na pagtatatag ng pasistang diktadura sa buong bayan.

Ang magiting na paglaban ng mamamayan ang siyang bibigwas sa paghahari ng rehimeng US-Duterte. Sa kanayunan man o kalunsuran, ang mga pakikibakang ito ang siyang babasag sa ilusyong dulot ng reaksyunaryong eleksyon at higit na magpapatunay ng superyoridad ng digmang bayan laban sa anupamang pakana ng mga naghaharing-uri. Mananaig ang hangarin ng mamamayan para sa tunay na panlipunang pagbabago na idudulot ng katarungang panlipunan. K

BALITANG TO

## Mapangwasak na hydropower plant sa Oriental Mindoro, pinaralisa ng Bagong Hukbong Bayan

Winasak at pinaralisa ng isang yunit ng Lucio de Guzman Command - BHB Mindoro ang mahahalagang kagamitan ng Sta. Clara Power Corporation (SCPC) sa Barangay Malvar, Naujan, Oriental Mindoro noong Pebrero 25 bilang aksyon laban sa pagwasak ng kumpanya sa kalikasan at kabuhayan ng mamamayan.

Pinasok ng Pulang hukbo ang planta ng SCPC bandang alas-3 ng hapon at sinunog ang 44 piraso ng *heavy equipment* ng kumpanya. Tinipon ng BHB ang mga manggagawa sa lugar at binigyan ng pag-aaral tungkol sa ginawang reyd laban sa SCPC.

Kinumpiska rin ng Pulang hukbo ang isang *9 mm pistol*, isang *factory-made shotgun*, 8 *icom radio* at tatlong *laptop computer.*

Pagmamay-ari ng SCPC ang *hydropower project* sa Brgy. Malvar na nagdudulot ng matinding pagbaha sa mga bayan ng Naujan, Baco hanggang Calapan City. Ang operasyong *logging* at *underground blasting* ng SCPC ang sanhi ng matitinding *mudflood* na nakaapekto sa higit 75% ng populasyon ng Oriental Mindoro sa kasagsagan ng Typhoon Nona taong 2015.

Ipinagbunyi ng mamamayan ng Mindoro ang aksyong militar ng BHB laban sa SCPC na hindi nagbayad ni isang kusing na danyos perwisyo sa mga biktima ng pagbaha. Sa mga komento sa *social media*, nagpasalamat ang mga *netizen* sa BHB sa pagbibigay katarungan sa mga biktima at pagtatanggol sa kalikasan.

"Inililinaw namin na hindi kontra ang rebolusyonaryong kilusan sa *renewable energy* at mga proyektong nagsusulong nito. Ang amin lamang tinutulan ay mga *renewable energy projects* na lumalabag sa karapatang tao, sumisira sa kabuhayan ng mamamayan, at nagwawasak sa kalikasan gaya ng plantang *hydro* ng SCPC," ani Madaay Gasic, tagapagsalita ng LdGC-BHB Mindoro. K

# Rice Tarrification Law

## Ganap na pagkawasak ng lokal na industriya ng bigas

Ipinagdiwang ng mga imperyalistang ahensya, mga PML at malalaking burgesya kumprador ang ganap na pagbubukas ng Pilipinas sa *imported* na bigas sa bisa ng bagong pasang Rice Tarrification Law. Nitong Pebrero 15, isinabatas ng rehimeng US-Duterte ang Rice Tarrification Bill na naglalayong tanggalin ang lahat ng restriksyon sa pag-iimport ng bigas sa bansa.

Ang Rice Tarrification Law ay umaalinsunod sa maka-imperyalistang General Agreement on Tarrifs & Trade-World Trade Organization (GATT-WTO) Agreement on Agriculture na pinirmahan ng reaksyunaryong Republika ng Pilipinas noong 1995.

**Anti-magsasaka, anti-mamamayang liberalisasyon**

Ngayong batas na ang Rice Tarrification na mag-aalis sa *quantitative restrictions* o QR sa importasyon, tiyak na babaha ang dayuhang bigas sa pamilihan. Ayon sa isang pag-aaral, magdudulot ng pagdoble sa dami ng *imported* na bigas ang pagtatanggal sa QR sa importasyon, mula 2.2 milyon MT (metriko tonelada) tungong 4.4 milyon MT sa loob ng limang taon.

Ang pag-iimport ng bigas ay sang-ayon sa patakarang neoliberal na isinusubo ng mga imperyalista sa mga malakolonyang bansa gaya ng Pilipinas. Sa ilalim nito, ang sobrang produktong agrikultural na hindi na kayang konsumuhin sa loob ng isang bansa ay iniluluwas sa mas mahihirap na bayan at doon ibinebenta. Kapalit nito, naniningil ng katiting na buwis o taripa ang gubyerno ng mahirap na bayan sa mga dayuhang *exporter*.

Matagal nang ramdam ng mamamayang Pilipino ang epekto ng liberalisasyon sa agrikultura. Liberalisasyon ang dahilan ng pagdami ng mga *imported* at mas murang bawang sa mga tindahan na unti-unting pumatay sa mga lokal na taniman ng bawang. Liberalisasyon din ang dahilan ng pagbaha ng *frozen meat* sa palengke at pagkalugi ng mga lokal na prodyuser ng karne. Liberalisasyon din ang sanhi ng pagkalugi ng mga magsasaka ng gulay bunsod ng pana-panahong pagbagsak ng presyo ng kanilang produkto dahil sa *over supply* nito sa pamilihan.

Malinaw ang negatibong epekto ng pag-iimport ng dayuhang produktong agrikultural sa lokal na sektor ng agrikultura. Sa kaso ng palay at bigas, tiyak na iindahin ng mga lokal na prodyuser ang kumpetisyon mula sa ibang bansa.

Pangunahing pinagmumulan ng *imported* na bigas sa Pilipinas ang mga kapitbahay nito sa ASEAN na Vietnam, Thailand at China. Mas maunlad ang agrikultura sa mga bansang ito kaya maramihan at mas mura ang kanilang produksyon ng bigas. Nakakapag-*export* ang mga bansang ito ng bigas na kayang ibenta sa pamilihang Pilipino sa mas mababang halaga kaysa sa lokal na butil.

Kaakit-akit para sa mga trader ng bigas na gustong tumubo nang malaki ang mas murang *imported* na bigas kaya tiyak na maaapektuhan ang pagbili ng bigas mula sa lokal na mga prodyuser. Ito ang pangunahing dahilan ng muling pagbagsak ng presyo ng lokal na palay mula P17 tungong P14 para makipagsabayan sa kakumpetensyang dayuhang produkto na sa huli'y magdudulot ng kanilang pagkalugi.

Malaking dagok sa kabuhayan ng 20 milyong Pilipinong nasa sektor ng agrikultura laluna ng 2.5 milyong magsasaka at manggagawang bukid, ang Rice Tarrification Law. Ayon sa mga eksperto, 29% ang mababawas sa kita ng magsasaka ng palay dahil sa pagtatanggal ng QR sa importasyon ng bigas. Tiyak na milyun-milyong magsasaka at manggagawang bukid ang mawawalan ng kabuhayan sa pagkalugi ng mga lokal na sakahan ng palay.

**Pagpatay sa agrikultura**

Hindi lingid sa reaksyunaryong gubyerno ang tutunguhin ng lokal na industriya ng bigas at ng mga magsasaka sa panahong ipatupad ang Rice Tarrification.

Mismong ang National Food Authority ay aminado na maaaring umusbong ang isang *rice cartel* mula sa pinakamalalaking *trader* na siyang may kakayahang mag-*import*



ng malaking bolyum ng bigas. Dahil dominante sa pamilihan, kayang itakda ng *cartel* ang presyo ng bigas hanggang sa pinakamataas na presyong nanaisin nito. Walang magagawa ang NFA para pigilan ang *cartel* dahil wala naman itong mandato sa regulasyon ng kalakalan ng bigas at iba pang butil liban sa pamimili ng *buffer stock* ng palay para sa panahon ng kalamidad.

Nahihibang ang rehimeng US-Duterte sa pagsasabing ang Rice Tarrification Law ang sagot sa implasyon at pagsirit ng presyo ng bigas. Ang tunay na dahilan ng pagkabalaho ng industriya ng bigas at ng agrikultura sa pangkalahatan ay ang pamamayani ng pyudalismo at pagsakal ng imperyalismo sa kanayunan. Salik din ang kawalan ng subsidyo at suporta ng gubyerno sa mga magsasaka. Dagdag pang pabigat ang mga pandaraya ng mga komersyante at trader tulad ng ispekulasyon, *hoarding* at pagmamanipula sa presyo.

Ang pagliliberalisa sa sektor ng agrikultura ay katambal ng iba pang neoliberal na pakanang umaatake sa kabuhayan ng magsasaka. Kabilang dito ang pagpapataw ng dagdag na gastusin sa pagsasaka sa bisa ng TRAIN Law. Itinutulak ng TRAIN Law ang higit pang pagtaas ng presyo ng gasolina na ginagamit ng mga magsasaka sa buong proseso ng pagtatanim ng palay hanggang pagsasabigas nito, mula sa pag-aararo gamit ang traktora, pagkikiskis, at pagbibiyahe ng kanilang produkto.

Isa pang paraan ang malawakang pagpapalit-gamit ng lupaing agrikultural na isang anyo ng pangangamkam ng lupa ng magsasaka at pagwasak sa kanilang kabuhayan. Lalong titindi ang pagpapalit-gamit ng lupa matapos ilabas ng bulok na Department of Agrarian Reform ang Administrative Order 1 ng 2019 na padadaliin mula 120 araw tungong 30 araw ang pag-aapruba sa mga aplikasyon para sa pagpapalit-gamit ng lupa. Gagamitin itong pang-akit ng rehimeng US-Duterte sa mga dayuhang negosyante para mamuhunan sa bansa, kapalit ang pagtatayo ng mga mapangwasak na proyekto gaya ng mga minahan at mga plantasyong *monocrop.*

Sa pagpapatuloy at pagpapalawig ng mga anti-magsasakang polisiya gaya ng Rice Tarrification Law, lalo lamang isinasadlak ng rehimeng US-Duterte ang sambayanan sa higit pang kagutuman at kahirapan. Ang labis na pagdurusa sa ilalim ng rehimen ang higit na magpapaliyab sa galit ng mamamayan. Sa huli, ang Rice Tarrification Law, gaya ng TRAIN Law, ang higit na magpapasiklab ng mas malawak na paglaban sa balangkas ng isinusulong na digmang bayan na ganap na magpapabagsak sa inutil at nabubulok na gubyerno ni Duterte.

*KILOS PROTESTA*



## Mga magsasaka mula sa Quezon, nagprotesta sa Maynila kaugnay ng isyu sa kopra at bigas

Tumungo sa Maynila ang mga magniniyog at magsasaka ng Quezon sa unang linggo ng Marso upang ipanawagan ang pagtataas ng presyo ng kopra, pagbabasura sa Rice Tarrification Law at paglalabas ng *calamity fund* para sa mga apektado ng El Niño.

Naglunsad ang mga magsasaka ng *camp-out* sa harap ng Philippine Coconut Authority (PCA) noong Marso 4 na nasundan ng dayalogo sa ahensya noong Marso 6. Tagumpay na napwersa ng pagkilos ang pangrehiyong opisina ng PCA na maglabas ng posisyon hinggil sa pagtataas ng presyo ng kopra na pabor sa kahilingan ng mga magsasaka.

Nagtungo rin ang mga magsasaka sa Department of Agriculture, Department of Agrarian Reform at National Food Authority upang makipagdayalogo kaugnay ng Rice Tarrification Law at reporma sa lupa. Sa DAR ay inihapag ng mga magsasaka ang mga isyu kaugnay ng asyenda ng mga Matias, Uy at Gancayco sa San Francisco, Quezon.

Marso 6 ay pumunta naman ng Department of Environment and Natural Resources ang mga organisasyong masa upang irehistro ang pagtutol sa Macalelon Dam, Laiban Dam at Kaliwa Dam.


Lumahok rin ang mga magsasaka sa ginanap na *forum* hinggil sa Rice Tarrification Law sa UP Diliman noong Marso 6.

Sunod na pinuntahan ng mga magsasaka noong Marso 7 ang opisina ng Department of Interior and Local Government (DILG) upang magprotesta at maghain ng *warrant of arrest* kay DILG Secretary Eduardo Año na pangunahing berdugo ng rehimeng US-Duterte.

Kabilang sa mga organisasyong naglunsad ng pagkilos ang KOPRAHAN, Coco Levy Funds Ibalik sa Amin (CLAIM), Pinag-isang Lakas ng mga Magsasaka sa Quezon (PIGLAS-Quezon), at AMIHAN - Pambansang Pederasyon ng Kababaihang Magbubukid.

Lumahok rin sa pagkilos ang Kalipunan ng mga Samahang Magbubukid Sa Timog Katagalugan (KASAMA-TK), BALAYBAY ng Batangas at mga organisasyon ng magsasaka mula sa Palawan, Cavite at Laguna.

# Pagpapasuko, katuwang ng mabangis na kontra-rebolusyonaryong gera ni Duterte




Inasukalang bala ang panghihimok ni Duterte at ng mga opisyal ng AFP sa nakikibakang mamamayan: "Sumuko na kayo, kami'ng bahala sa inyo." Kapahamakan ang dala ng paanyaya ng reaksyunaryong gubyerno--kapahamakan para sa susuko at sa buong komunidad na kanyang kinapapalooban.

Malaking bahagi ng Oplan Kapayapaan at programa ng National Task Force to End Communist Insurgency (NTF) ang kampanyang pagpapasuko. Tumindi ang pagpapasuko matapos arbitraryong tapusin ng rehimeng US-Duterte ang *peace talks* sa CPP-NPA-NDF noong 2017.

**Makinarya ng pagpapasuko**

Isa sa 12 klaster na nilikha ng NTF ang nakatutok sa kampanyang pagpapasuko, ang Localized Peace Engagement na pangungunahan ng mismong AFP. Mayroon ding Enhanced Comprehensive Local Integration Program (E-CLIP) at Amnesty Program para sa mga sumukong 'rebeldeng' komunista, at pati na mga miyembro ng milisyang bayan at mga simpatisador ng kilusan.

Kasangkapan sa pagpapatupad ng programang reintegrasyon na pinabangong tawag sa pagpapasuko ang iba't ibang ahensya at programa ng reaksyunaryong gubyerno. Mayor rito ang Department of Interior and Local Government (DILG) sa pamamagitan ng local government unit (LGU) na tagapangasiwa ng Task Force Balik-Loob sa antas-rehiyon at probinsya.

Samu't saring pabuya ang ipinapangako para sa mga susukong 'rebelde': buwanang suporta sa anyo ng 4Ps, *cash assistance* na pangkabuhayan na nagkakahalaga ng Php 65,000, bayad para sa isinukong armas, libreng pabahay mula sa National Housing Authority at *skills training* sa pamamagitan daw ng TESDA.

Bukambibig ng reaksyunaryong gubyerno ang tulong na sa esensya'y suhol sa mga susuko, subalit sa likod nito ang hangarin na sapilitang gawing CAFGU ang mga sumuko at kunan ng impormasyon para sa mga operasyong militar ng AFP.

Kung wala nang silbi ang *surrenderee* ay papatayin na lamang nila, tulad ng nangyari kay Mario Versoza, sumukong Pulang mandirigma na matapos gamitin sa isang operasyon ay pinaslang sa Cambunang, Bulalacao Oriental Mindoro noong 2017.

Mabibilang sa daliri ang totoong naging NPA sa dinami-dami at libu-libong ipinagmamalaki na mga diumano'y *surrenderees*. Karamihan ay mga karaniwang sibilyan na napilitang sumuko, at ang iba'y mga taksil sa kilusan na *recycled* o ilang beses at paulit-ulit nang sumuko. Iilan lamang sa kanila ang nakakatanggap ng pabuya na lubhang mas maliit sa ipinangako ng reaksyunaryong gubyerno.

**Korupsyon sa reintegrasyon**

Ipinagyayabang ng DILG na pinakikinabangan na ng mga *surrenderees* ang mga benepisyo ng pagbabalik-loob. Ang hindi iniuulat ng ahensya ay mas maraming opisyal at heneral ng AFP ang bumibigat ang bulsa dahil sa kanila dumidiretso ang pabuyang Php 65,000 na ipinangako sa mga *surrenderees*.

Isang malaking raket at negosyo ng mga opisyal ng AFP ang programang pagpapasuko. Sa pagnanais na magkamal ng pera, kahit mga baril na de-sabog at iba pang *homemade* na sandata ng mamamayan ay kinukuha nila at pinalalabas na isinukong armas ng mga 'rebelde'. Sa kaso ng Nasalaan 14, mga magsasakang sapilitang pinasuko ng berdugong 85th IB sa San Francisco, Quezon noong Nobyembre 2018, pinangakuan silang makatatanggap ng P2,000 kada buwan at isang baboy subalit hanggang ngayon ay wala pa silang natatanggap.

Ginagamit rin ng mga opisyal ng AFP ang pagpapasuko na tuntungan ng kanilang ambisyong umangat sa pwesto. Nagpaparamihan ng *surrenderees* ang mga kumander ng AFP at nag-iimbento na sila ng mga numero para maabot ang takdang kotang bilang. Pinipilit at tinatakot nila ang bulto-bulto ng mamamayan sa kanayunan na sumuko upang pagkakitaan ng pabuya at magamit na pampadulas sa promosyon.

Ang *forced/fake surrender* ay tahasang paglabag sa *international humanitarian law* na nagtatanggol sa karapatan ng mga sibilyan sa panahon ng digmaan.

Sa higit pang pagbangis ng kampanyang pagpapasuko, hindi na lamang mga Hukbo at kasapi ng mga rebolusyonaryong organisasyon ang target nitong pasukuin--idinamay na nito maging mga ordinaryong sibilyan at mga kinakaratulahang simpatisador ng rebolusyonaryong kilusan.

*Sundan sa pahina 10*

# Ang rebolusyonaryong kultura sa teatro ng digma

*"Ang rebolusyonaryong kultura ay isang makapangyarihang rebolusyonaryong sandata ng malawak na masa ng sambayanan. Inihahanda nito ang batayan sa ideolohiya bago sumapit ang rebolusyon; ito ay isang mahalaga at tunay na esensyal na larangan ng pakikibaka sa pangkalahatang rebolusyonaryong larangan sa panahon ng rebolusyon." – Mao Zedong*

Kung hindi handa ang opinyong publiko sa rebolusyon, malayo pa sa hinagap ang tagumpay. At bilang suhetibong pwersa, ang rebolusyonaryong pwersa ang magiging mapagpasya sa kahandaang ito. Mabisang maitatakda ang kahandaan ng mamamayan sa pagtangan ng sulo ng rebolusyon kung masigla at nakaugat sa masa ang gawaing pangkultura.

Sa tala ng kasaysayan, ang kapangyarihan ng pluma ni Jose Rizal sa mga akdang Noli Me Tangere at El Filibusterismo at pinsel ni Juan Luna sa obrang La Spolarium ang ilan sa pinakamabilis na pumukaw sa masang anakpawis sa panahon ng kolonyalismong Espanyol. Gamit ang sining at panitikan, lumiyab ang matagal nang tinitimping poot ng mamamayang Pilipino laban sa mga prayle't panginoong maylupa na dumusta sa kanilang abang kalagayan sa loob ng higit 300 taon. Ang unang kilusang propaganda na ito ang nagbigay-daan sa rebolusyong Pilipino ng 1896.

Naging inspirasyon ito ng makabayang kabataang intelektwal sa panahon ng rehimeng US-Marcos. Habang lumalala ang krisis sa ekonomya at pulitika, itinatag ng mga estudyante ang Student Cultural Association of the University of the Philippines sa pangunguna ni Jose Maria Sison noong 1959. Itinaguyod ng SCAUP ang bagong demokratikong rebolusyon at ang kulturang umaayon sa pangkalahatang linya nito. Sa loob nito matatagpuan ang isang lihim na ubod ng mga Marxista-Leninista na sa bandang huli'y magiging bahagi ng bag-as ng Kabataang Makabayan na itinatag noong 1964. Mayor na programa ng KM ang paglulunsad ng Ikalawang Kilusang Propaganda na hinango mula sa unang kilusang propaganda noong 1880. Ito ang naging pandayan ng mga rebolusyonaryong kadre sa larangan ng pulitika at kultura.

Katuwang ang iba pang organisasyong masa, nanguna ang KM sa pagbabandila ng bagong demokratikong rebolusyonaryong kultura laban sa imperyalismo at reaksyunaryo mula pa ikalawang hati ng dekada '60 at nagpadaluyong sa Sigwa ng Unang Kwarto ng 1970. Nilahukan ito ng 50,000 hanggang 100,000 na humugos sa mga lansangan mula Enero hanggang Marso 1970. Ito ang nagbigay inspirasyon sa pagbubuo ng ilang organisasyong pangkultura at pampanitikan na nagtataguyod ng pambansa, syentipiko at maka-masang kultura sa kalaunan.


Pinangunahan ng saligang alyansa ng manggagawa at magsasaka ang mga protestang higit na malawak at masaklaw kaysa nakaraan. Nagsibangon ang petiburgesyang lunsod at pambansang burgesya upang lumahok sa pakikibaka para sa pambansang pagpapalaya at demokrasya laban sa imperyalismong US at iba pang lokal na naghaharing uri. Naglahad sila ng sariling mga progresibong palagay at kahilingan sa masmidya at iba pang daluyang ligal.

Hindi mapasusubalian ang malaking papel ng kilusang kabataan-estudyante sa kasaysayan ng pagsusulong ng pambansa-demokratikong kultura. Puspusan nilang inaral ang lipunang Pilipino at natuto sa pakikipamuhay sa batayang saray. Sila ang naging mahigpit na katuwang ng masang anakpawis upang isigaw ang daing ng bayan sa publiko at isulong ang pagbabagong panlipunan.

Sa rehiyon, nagsimula sa dalawang myembro ng SCAUP mula sa UP Los Baños, na sila ring naging kasapi ng KM, ang pag-usbong ng anti-imperyalista at makabayang kultura. Kaagapay ang Samahang Demokratiko ng mga Kabataan, binuo ng KM ang mga progresibong organisasyon sa pamantasan tulad ng UP Nationalist Corps, UPCA Cultural Society at iba pa.

Ang mga aktibista sa UPLB ay lumahok din sa mga unang aksyong protesta na tumungo sa Sigwa ng Unang Kwarto. Kasabay nito ang mga aksyong protesta sa Los Baños, San Pablo at Sta. Cruz sa Laguna. Nakapagpalawak sila ng mga balangay ng KM at SDK sa Laguna, Quezon, Batangas at Cavite noong 1970. Inorganisa din nila ang mga manggagawa sa mga pagawaan sa Lucban, Lucena, San Pablo at Sta. Cruz noong 1971.

Lumawak ang impluwensya ng KM sa mga ligal at tradisyunal na organisasyon sa pamantasan na naging daluyan din ng pambansa-demokratikong propaganda at kultura. Itinatag ang mga organisasyong pangkultura tulad ng Tulisanes, Panday Sining at Nagkakaisang Progresibong Artista-Arkitekto na lumikha ng mga sining at obra na epektibong pumukaw



sa masa at tumuligsa sa diktadurya ni Marcos. Masigla ang gawaing pangkultura sa pamantasan hanggang sa mga multisektoral na pagkilos na nilalahukan ng mga naorganisang manggagawa, magsasaka at mangingisda.

Nang ipataw ni Marcos ang Batas Militar, napwersang mag-underground ang lahat ng ligal na makabayan at progresibong organisasyong pangkultura. Anumang panggigipit at pananakot ay malikhain nilang nilabanan at inangkupan. Hindi nakulong sa sulok ng mga museo o teatro ang mga makabayang musikero, artista, makata at manunulat. Palihim na ipinakalat ang mga tula, dula, dibuho, maikling kwento at nobela na hango sa buhay-at-kamatayang pakikibaka ng masang api. Itinanghal ang mga ito sa mga lansangan, palengke, tabing riles, pagawaan at iba pang mga umpukan sa porma ng mga dulang iglap at mabilisang eksibit ng mga sining biswal.

Habang gumuguho ang kaharian ni Marcos at tuluyan na ngang bumagsak noong 80's, nagningning naman ang rebolusyonaryong kilusang masa at ang pinayabong nitong kilusan sa kultura. Higit sa lahat, maraming aktibistang pangkultura ang tumungo sa kanayunan at hindi na lamang pinsel, gitara, *spray paint* o lapis ang hinawakan nila kundi baril para sa armadong paglaban.

Sa panahon ng paglihis, buong giting na itinaguyod ng rebolusyonaryong kilusan sa TK ang bandila ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto. Ibinandila ng Partido sa rehiyon ang IDKP sa pamamagitan ng rebolusyong pangkultura. Naging produkto nito ang mga rebolusyonaryong awiting nilaman ng album na Dakilang Hamon, Martsa Kan Bikolandia at Alab ng Digmang Bayan ng ARMAS-TK. Tumampok ang mga obra ng TekaMuna at paglalathala ng panrehiyong magasin na Dagitab mula sa mga palihang inilunsad sa iba't ibang panig ng rehiyon.

Itinuring na integral na gawain ang gawaing pangkultura, sa ligal na demokratikong organisasyon sa kalunsuran man o digmang bayang nakabase sa kanayunan. Sa loob ng bawat yunit ng BHB, nakaugat sa mga patakaran at tuntunin ang rebolusyonaryong kultura upang higit na pandayin ang kanilang sarili sa paglilingkod sa masa. Nakaintegra ang grupong pangkultura ng ARMAS sa bawat platun at mga balangay nito sa lokalidad upang magsilbing tagapamandila ng rebolusyonaryong sining at panitikan.

Mula noon hanggang ngayon, kaisa ang rebolusyonaryong mamamayan ng TK sa opensibang pangkultura laban sa bulok na kulturang hatid ng malakolonyal at malapyudal na lipunan. Kailangang iwagayway ang pambansa, syentipiko at maka-masang kultura laban sa burgis-dekadente, neokolonyal, macho-pyudal, pasista, konserbatibo at indibidwalistang kulturang pinamamayani ng imperyalismong US at reaksyunaryong gubyerno. Hamon sa atin ang patuloy na pagpapataas ng rebolusyonaryong estetiko ng sining at panitikan upang epektibong magbigay inspirasyon at katawanin nito ang bawat yugto ng rebolusyong Pilipino hanggang maitatag ang sosyalismo.

Habang lumalala ang krisis sa ekonomya at laganap ang kaguluhang pampulitika, hindi na makapaghahari pa ang imperyalismo at reaksyunaryong gubyerno sa paraang katulad ng dati.

Hawak ng rebolusyonaryong hanay ang entablado upang itanghal ang sining at panitikan ng demokratikong rebolusyong bayan. Iguhit sa mga lansangan ang puu-puong libong mga protesta. Ipinta sa kabundukan at kaparangan ang martsa ng bata-batalyong Pulang mandirigma. Patambulin mula kanayunan hanggang kalunsuran ang pagwasak sa kamay na bakal ng rehimeng US-Duterte. Magtagumpay sa teatro ng digma! K

*BALITA*

## Hustisya, panawagan sa unang anibersaryo ng pagpatay kay Nanay Fe

Nanawagan ang mamamayan ng Quezon ng hustisya para kay Nanay Fe de los Santos sa ginanap na parangal at pag-alala sa anibersaryo ng kanyang pagkamatay noong Marso 8 sa bayan ng San Francisco, Quezon.

Higit 500 kababaihan at magniniyog ang dumalo sa parangal. Ginunita nila ang sakripisyo ni Nanay Fe na biktima ng marahas na Oplan Kapayapaan ng rehimeng US-Duterte.

Pinaslang ng 85th IB si Nanay Fe na ina ng pinararatangang kumander ng Bagong Hukbong Bayan-Apolonio Mendoza Command. Walang awa siyang pinagbabaril ng pwersa ng 85th IB noong Marso 7, 2018 sa Lopez, Quezon.

Binaril si Nanay Fe sa loob ng kanyang tindahan at nagtamo ng anim na tama ng bala sa tiyan. Naitakbo pa siya sa ospital subalit namatay rin dahil sa mga tinamong sugat kinabukasan, Marso 8.

## Lider-magsasaka sa Palawan, dinakip ng PNP

Iligal na hinuli ng PNP-Palawan si Norly Bernabe, tagapangulo ng Katipunan ng mga Samahang Magbubukid Sa Timog Katagalugan (KASAMA-TK) sa Taytay, Palawan noong Pebrero 7.

Inaresto si Bernabe sa bisa ng mga gawa-gawang kaso ng pagpatay na isinampa laban sa kanya. Kasalukuyan siyang nakapiit sa Puerto Princesa City.

Si Bernabe ang isa sa mga nangunguna sa paggiit sa karapatan ng mga magsasaka sa Lupang Pujalte sa Taytay, Palawan. Kinakamkam ng Guevant Corporation ang Lupang Pujalte na balak nitong ikumbert tungong real estate property. K



## Pekeng engkwentro sa Oriental Mindoro, cover-up ng AFP-PNP sa pagpatay sa isang sibilyan

Nagpalabas ng pekeng engkwentro ang pinagsamang tropa ng PNP at AFP sa Sitio Uraray, Barangay Waygan, Mansalay, Oriental Mindoro noong Marso 2 upang pagtakpan ang pagdukot at pagpatay na ginawa nito kay Rustom Sibulan, 48, isang magsasaka.

Dinukot at pinatay si Sibulan noong Marso 1. Ayon sa apo ni Sibulan, pinara ng mga armado at di-unipormadong elemento ng 203rd Infrantry Brigade at PNP-MIMAROPA ang sinasakyan nilang motor ng kanyang lolo sa Barangay Proper ng Tiguisan, Bansud. Pinababa ng mga armadong lalaki sa motor si Sibulan, tinutukan ng baril, sinakluban ng sako sa ulo, pinalo ng riple at isinakay sa isang *van*. Binantaan ang apo ni Sibulan na umalis kung ayaw mamatay.

Marso 2 ay natagpuan ang katawan ni Sibulan na may apat na tama ng bala.

Pinalalabas ng AFP-PNP na namatay si Sibulan sa isang engkwentro sa pagitan ng Pulang hukbo at mga tropa ng 403rd Regional Mobile Force Battalion at Charlie Company ng 4th IB noong Marso 2. Itinuturo ng mga militar si Sibulan na kumander ng Pulang hukbo at siyang pinuno ng dalawang matunog na taktikal na opensiba ng BHB nitong Pebrero sa mga bayan ng Naujan at Gloria sa Oriental Mindoro.

Ang pagpatay kay Sibulan ay ganti ng 4th IB sa sunud-sunod na opensiba ng BHB sa Oriental Mindoro, ani Madaay Gasic, tagapagsalita ng Lucio de Guzman Command-BHB Mindoro.

"Manipestasyon [ang pagpatay kay Sibulan] ng kabangisan at pasismong dulot ng Oplan Kapayapaan ng Rehimeng US-Duterte at ng *de facto* Martial Law na ipinatutupad niya sa buong bansa, hanggang sa isla ng Mindoro," dagdag ni Gasic.

Kilala si Sibulan sa kanilang lugar na dating kasapi ng BHB. Higit sampung taon na itong namumuhay sa kanilang baryo bilang sibilyan at lokal na aktibista.

Matapos ang pagpatay kay Sibulan ay sunod namang dinakip at iligal na dinetine ang pamangkin niyang si Onad.

Inabangan ng mga pwersa ng 203rd Infrantry Brigade at PNP-MIMAROPA ang sinasakyang motor ni Onad sa haywey ng Bansud noong Marso 5. Dinakip ang binata, sapilitang isinakay sa *van*, at dinetine ng anim na oras. Habang nasa kamay ng mga kaaway ay dumanas siya ng mental at pisikal na tortyur.

Ginamit ng mga dumakip kay Onad ang kanyang *cellphone* upang itext ang kanyang pamilya at magbanta na papatay sila ng miyembro ng pamilya Sibulan sa tuwing may pulis at sundalo na masasawi sa mga labanan kontra sa BHB.

## 85th IB, tuluy-tuloy ang pandarahas sa Quezon

Tuluy-tuloy ang 85th IB sa pananakot at sapilitang pagpapasuko sa mamamayan ng Quezon sa balangkas ng Enhanced Comprehensive Local Integration Program (E-CLIP) nitong Pebrero at unang hati ng Marso.

Padron sa mga operasyon ng 85th IB ang paggamit sa *census* sa pagpasok at pagkakampo sa mga barangay.

***Mulanay.*** Iligal na inaresto ng 85th IB si Magie Gusto sa Sityo Philseed, Barangay Ilayang Cambuga noong Pebrero. Sa parehong panahon, hinalughog ng kaaway ang bahay ng isang tanod ng nasabing barangay. Walang ipinakitang *warrant of arrest* kay Gusto at *search warrant* ang yunit ng 85th IB sa mga paglabag na ito.

***Macalelon.*** Naghasik ng teror ang 85th IB sa Sityo Agayayin, Barangay Malabahay, kung saan dalawang sibilyan ang tinakot at binantaan ng mga pwersa ng sundalo noong Marso 6.

Mahigit isang oras na inimbestigahan at binantaang papatayin si Diego Remolin na residente ng barangay habang tinutukan naman ng baril ang kasama nitong maglulukad.

Nagpahayag ang 85th IB ng pagkakampo sa bahay-nayon ng Barangay Malabahay hanggang Mayo 2019 dahil maglulunsad diumano sila ng *census*. "Lilinisin" daw nila ang barangay alinsunod sa E-CLIP at nagbanta laban sa mga *under-surveillance* na residente.

Bumase ang yunit ng 85th IB sa pamumuno ni Lt. Romeo Suarez Savio sa Barangay Malabahay matapos ang inilunsad nitong malawakang operasyon noong huling linggo ng Pebrero.

Samantala, nagdulot ng takot sa mamamayan ang paghimpil sa Bahay Nayon ng ilang pwersa ng 85th IB sa Vista Hermosa. Diumano'y magtatagal ang mga militar ng anim na buwan at maglulunsad ng *census* sa lugar.

Nagsisilbi ang 85th IB na gwardiya ng Macalelon Dam Project. Ang Macalelon Dam Project ay tinututulan ng mamamayan ng Vista Hermosa dahil sa idudulot nitong dislokasyon at kawalan ng hanapbuhay sa mga residente.

***San Francisco.*** Sa tabing ng pagsesensus ay hinaras ng mga sundalo ng 85th IB ang pitong kasapi ng Coco Levy Funds Ibalik sa Amin (CLAIM) sa Barangay Sto. Nino noong Marso 6. Dahil sa takot ay napilitang lumikas ang tatlong opisyal ng CLAIM at ang kanilang pamilya.

***Lopez.*** Naglunsad ng *census* at ipinatawag ng 85th IB ang ilang residente ng Sityo Colong at Sityo Alat-alatin sa Barangay San Francisco B nitong Marso. Kabilang sa mga ipinatawag si Marshall Bagon na natakot dahil sa presyur ng mga militar. Kinakatulong ng mga sundalo si Kagawad Freddie Andal ng barangay para sapilitang pasukuin ang mga residente alinsunod sa pekeng pagpapasurender ng rehimen.

*ANG PULANG HUKBO*
*Serye ng mga artikulo hinggil sa Melito Glor Command-BHB-Timog Katagalugan*

## Sino si Melito Glor?

Dinadala ng kumand ng Bagong Hukbong Bayan sa Timog Katagalugan ang pangalan ng isang dakilang martir ng rebolusyon, si Melito Glor. Isang huwarang kasama si Melito na matapang na sumuong sa armadong rebolusyon at nangahas na mamuno sa panahon ng pagpupundar ng Partido at Pulang hukbo sa rehiyon.

Isang matalino at mahusay na anak ng Atimonan, Quezon si Melito. Hinangaan siya ng kanyang mga kababayan dahil sa kanyang kakayahang mamuno. Nang magkolehiyo, pumunta siya ng Maynila at nag-aral sa Unibersidad ng Pilipinas. Doon siya namulat sa tunay na kalagayan ng lipunan at nagpasyang kumilos para sa rebolusyon.

Bumalik si Melito sa Quezon noong 1972 matapos ideklara ni Ferdinand Marcos ang Martial Law. Nag-organisa siya ng mga magsasaka sa kanyang bayan at sa kalauna'y tumayo bilang namumunong kadre ng Partido sa erya. Hindi nagtagal ay itinalaga na rin siya bilang kumander ng mga yunit ng NPA sa maraming probinsya sa TK.

Disyembre 1974 namartir si Melito sa isang engkwentro. Namatay siya sa unang bugso ng putok na tumama sa bahay na hinihimpilan niya kasama ang kanyang asawa at isang mandirigma. Siyam na buwang buntis ang kanyang asawa nang mangyari ang engkwentro.

Maagang napatid ang paglilingkod ni Melito Glor sa rebolusyon subalit pangmatagalan ang kanyang naging ambag sa rehiyon. Mula sa kanyang mga naipunla ay umusbong ang libu-libong mabubuting anak ng bayan na tumangan ng armas. Hindi makakalimutan ng mamamayan ng TK ang kanyang sakripisyo, at magbibigay inspirasyon ito sa lahat ng aping mamamayan na makibaka para sa tunay na kalayaan at demokrasya. K

---

*Pagpapasuko, mula sa pahina 6*

**Instrumento ng saywar at dahas**

May papel sa saywar at digma ang pagpapasuko sa kontra-rebolusyonaryong gera ng rehimeng US-Duterte. Pangunahing target nito ang mga rebolusyonaryong base laluna ang mga erya kung saan lumalakas ang armadong pakikibaka. Ginagamit ang pagpapasuko para dungisan ang pangalan ng rebolusyonaryong kilusan tulad ng ginawa sa balitang pagsuko ng 21 indibidwal sa Luisiana, Laguna noong Pebrero.

Kadalasang tabing ng AFP ang pagpapasuko para sa mararahas na operasyong militar na naghahasik ng takot sa mga komunidad. Ang mga iligal na panghuhuli sa mga aktibista sa baryo ay tatawaging 'pagsuko' ng mga diumano'y miyembro ng BHB o milisyang bayan.

Talamak rin ang maramihang panghuhuli sa mga magsasaka at katutubo at pagdadala ng mga ito sa kampo ng militar na babaluktutin ng AFP at palalabasing *mass surrender.*

Ultimong layunin ng pagpapasuko ang panghahati at pagwasak sa mga komunidad at rebolusyonaryong organisasyon. Nais nitong lasunin ang relasyon sa hanay ng mamamayan at ng masa sa Pulang hukbo at lumikha ng lamat sa relasyon at tiwala ng masa sa hukbo. Mag-aalangan ang mamamayan na makipag-ugnayan sa hukbo sa takot na baka sila ay mapahamak kapag may sumukong hukbo sa kaaway.

Ikinukubli sa mabangong tawag na 'reintegrasyon' ang bangis ng kampanyang pagpapasuko ng rehimeng US-Duterte. Ang tunay nitong katangian bilang isang korap, mapanlinlang, at marahas na kampanyang militar ay dapat na ilantad sa mamamayan kasabay ng pagpapasinungaling sa mga pekeng pagpapasuko. Dapat iulat ang mga sapilitang pagpapasuko at ibunyag ang kabulukan ng E-CLIP at iba pang programang balik-loob.




Bukod sa opensibang pagsisiwalat sa kampanyang pagpapasuko ng kaaway, kailangang higit ring pagtibayin ang mga rebolusyonaryong organisasyon at mga base sa kanayunan. Ang mahigpit na rebolusyonaryong pagkakaisa ang pinakamabisang pansalag at sandata laban sa lahat ng taktika ng kontra-rebolusyonaryong gera ng rehimeng US-Duterte. Kritikal ito sa paglulunsad ng matitinding bigwas na magdedemoralisa at magpapasuko sa sariling pwersa ng kaaway.

Hangad ng rehimeng US-Duterte na pagmukhaing mabuway ang rebolusyon at ang mga rebolusyonaryong pwersa sa pamamagitan ng mga pekeng pagpapasuko. Madali itong mapapasubalian ng limang dekadang kasaysayan ng Partido Komunista ng Pilipinas at ng tunay na hukbo ng mamamayan, ang Bagong Hukbong Bayan. Ang patuloy na pag-iral at ibayo pang paglakas ng Partido, BHB, at ng buong rebolusyonaryong kilusan ang lulusaw sa lahat ng inasukalang bala ng reaksyunaryo—at siyang buhay na patunay sa kawastuhan at superyoridad ng rebolusyonaryong digma. K



## AFP-PNP-CAFGU, nagtamo ng 5 kaswalti sa magkakasunod na isnayping sa TK

Lima ang kumpirmadong kaswalti sa magkakasunod na operasyong isnayp na inilunsad ng mga yunit ng Melito Glor Command-BHB TK sa buwan ng Pebrero.

Patay ang isang pwersa ng 80th IB sa isnayping na ginawa ng Pulang hukbo sa Sityo Bituan, Brgy. Umiray, Gen. Nakar, Quezon noong Pebrero 9. Inisnayp ng mga kasama ang tropa ng 80th IB na nagbabantay sa Umiray-Angat Trans-Basin Project (UATP).

Tinututulan ang UATP dahil sa gagawin nitong pagda-*divert* ng tubig mula sa kabundukan papuntang kapatagan na makakaaapekto sa komunidad ng mga Dumagat sa lugar.

Inisnayp naman ng mga Pulang mandirigma ang detatsment ng CAFGU sa Sityo Canturoy, Barangay Manoot, Rizal, Occidental Mindoro noong Pebrero 24 na nagresulta sa isang sugatan sa hanay ng mga CAFGU.

Tatlo naman ang kumpirmadong kaswalti sa PNP-MIMAROPA at 203rd Infantry Brigade matapos humantong sa labanan ang operasyong isnayp-haras ng yunit ng Lucio de Guzman Command sa Sityo Layang-layang, Barangay Malamig, Gloria, Oriental Mindoro noong Pebrero 28.

Patay ang pulis na si SPO3 Edwin Encarnacion mula sa 2nd Provincial Mobile Force Company (PMFC) habang sugatan naman si PO3 John John Morente. Nasawi rin sa labanan ang isang hindi pa nakikilalang sundalo ng 203rd Infantry Brigade.

## Lucio de Guzman Command, aktibong dumipensa sa 3 labanan sa San Jose, Occidental Mindoro

Aktibong nakadepensa ang isang yunit ng Lucio de Guzman Command at nakapinsala ng dalawang pwersa ng kaaway sa tatlong labanan kontra sa magkasanib na pwersa ng PNP at AFP sa Barangay Mapaya, San Jose, Occidental Mindoro noong Pebrero 23.

Unang nakasagupa ng Pulang hukbo ang tropa ng 4th IB bandang 5:30 ng umaga sa Sityo Tagumpay sa Barangay Mapaya. Nagtawag ang 4th IB ng *reinforcement* mula sa 1st Occidental Mindoro Police Mobile Force Company (PMFC), na dinagdagan pa ng 3rd Platoon Occidental Mindoro PMFC sa pangunguna ni Sr. Insp. Robin A. Urbina, mga elemento ng 76th IB, at ng 405 Regional Mobile Force Battalion ng PNP-MIMAROPA.

Kinilala ang mga nasawing pulis na sina SPO2 Raymund A. Robles at SPO1 Bonifacio A. Tacuyo Jr. mula sa 1st Occidental Mindoro PMFC na nakabase sa Camp Ebersole sa bayan ng San Jose.

Walang kaswalti sa hanay ng Pulang mandirigma sa naganap na tatlong sagupaan.

***Sumulong sa panibagong antas ng digmang bayan!***
***Mabuhay ang ika-50 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan!***

#SumapiSaBHB!
#PakamahalinAngBHB!

## AMC-BHB Quezon, ni-reyd ang Northern Builders Corp

Ni-reyd ng Apolonio Mendoza Command-BHB Quezon ang Northern Builders Corp (NBC) at sinira ang tatlong *backhoe* at isang *bulldozer* sa Sitio Salok, Barangay Magsaysay, Infanta, Quezon noong Pebrero 7.

Ang NBC ay kasama sa mga kumpanyang nagraratsada ng pagtatayo ng Kaliwa Dam bilang bahagi ng New Centennial Water Source Project (NCWSP) sa ilalim ng programang Build, Build, Build ng Rehimeng US-Duterte.

"Ang nasabing Kaliwa Dam ay hindi lang magpapalubog sa mga komunidad ng mga magsasaka at katutubong Dumagat at Remontado kundi pati na sa mamamayan ng Pilipinas dahil sa pag-utang sa Tsina ng P12.8 Bilyong Piso na gagastusin sa pagtatayo ng mapanirang Dam," ayon sa pahayag ng AMC.

Matagumpay na inilunsad ang reyd sa kabila ng pagbabantay ng mga pwersa ng 80th IB sa lugar. Habang sinisira ang *heavy equipment* ay nagdaos ang mga pulang mandirigma ng pulong talakayan sa mga manggagawa upang ipaliwanag ang pagtutol ng mamamayan sa Kaliwa Dam.

Matapos ang reyd sa NBC ay naglunsad ng *pursuit operation* ang pinagsamang lakas ng 80th IB, Quezon Provincial Mobile Force Company at Special Action Force-PNP subalit hindi na nila nakita ang Pulang hukbo na maagap nakaatras sa tulong ng masa.

Ipinagbunyi ng mamamayan ng Quezon ang reyd sa NBC. Ang isinagawang reyd ay pagtupad ng BHB sa rebolusyonaryong tungkulin nitong pangalagaan ang kalikasan at protektahan ang interes ng mamamayan, ayon sa AMC.

# Pulang saludo kina Ka Iñigo, Ka 25 at Ka Eldon, mga bayani ng sambayanan!

Taas-kamaong nagpupugay ang Melito Glor Command at mamamayan ng Timog Katagalugan kay Ka 25 at Ka Eldon, mga Pulang mandirigmang nasawi sa labanan sa Sityo Tignoan, Barangay Sta. Teresita, Mansalay, Oriental Mindoro noong Pebrero 21, at kay Ka Iñigo na namatay sa Sityo Pinamintian, Barangay San Buenaventura, Luisiana, Laguna noong Pebrero 14.

**Ka 25.** Higit tatlong dekada nang naglilingkod si Rodel delos Santos o Ka 25 sa sambayanan bilang kasapi ng Bagong Hukbong Bayan. Galing siya sa uring magsasaka at napanday sa pakikibakang magsasaka para sa rebolusyong agraryo. Taong 1988 siya sumampa sa hukbo, at mula noon ay hindi nanlamig kailanman sa pagkilos hanggang sa masawi sa edad na 46.

Tubong Barangay Limlim, Rizal, Occidental Mindoro si Ka 25 na kilala rin sa mga pangalang Michael at Vicky. Kumilos siya sa bahaging timog ng Occidental Mindoro hanggang sa Bulalacao, Oriental Mindoro. Gumampan siya ng mahalagang papel sa pagpapanatili ng Hukbo sa mga eryang kanyang nakilusan, gayundin sa pagrerekober sa may bahaging Calintaan at Sablayan.

Palakwento, masipag sa gawain at mapagpakumbaba—ganyan inilalarawan ng mga kasama si Ka 25. Sa tagal niya sa Hukbo, tumatak na sa masa si 25 at laging hinahanap-hanap sa mga eryang kanyang kinilusan noon.

**Ka Eldon.** Tulad ni Ka 25, galing rin sa uring magsasaka si Banong Bandayan o Ka Eldon, 27 taong gulang at residente ng Sityo Bagacay, Barangay Sta. Teresita, Mansalay, Oriental Mindoro.

Miyembro si Ka Eldon ng minoryang grupo na Hanunuo-Mangyan at maaga pa lamang ay namulat na siya sa kalupitan ng lipunan sa mga katutubo at mahihirap. Nakaranas siya na hindi tumanggap ng sahod sa trabaho at utusang magnakaw ng kanyang amo.

Nang masumpungan ni Ka Eldon ang mga kasama noong Pebrero 2019 ay agad siyang sumama at nagpahayag ng pagnanais na mag-pultaym sa Hukbo. Buong husay niyang ginampanan ang mga gawaing iniatang sa kanya ng mga kasama at naging malakas na katuwang sa pag-oorganisa ng masa.

**Ka Iñigo.** Isa ring kabataan si John Carlo Capistrano Alberto o Ka Iñigo na tumugon sa panawagan na sumampa sa BHB noong huling kwarto ng taong 2016.

Kumilos si Ka Iñigo sa loob ng lampas dalawang taon sa yunit ng BHB sa larangang gerilya sa hangganang Quezon-Laguna. Sa panahong ito, nagpakita siya ng mataas na antas ng kahusayan, dedikasyon at disiplina sa pagtupad sa gawain bilang giyang pampulitika (GP) at kalaunan bilang Platun Instruktor (PI).

Maalalahanin, maalaga at mapagmahal si Ka Iñigo sa mga kasama at masa. Ginamit niya ang kaalaman sa kursong Veterinary Medicine upang gamutin ang mga maysakit na kalabaw, kabayo at iba pang alagang hayop ng mga magsasaka na siyang dahilan ng paglapit ng loob ng masa sa kanya.

Si Ka Iñigo ay nagmula sa Catanduanes subalit itinuturing na anak ng TK kung saan siya nag-alay ng buhay para sa rebolusyon. K

**Para sa iyo, Ka Iñigo***
ni Ka Jani

Kay bilis lumipas ng mga araw na pinagsamahan
Bagama't maikli'y puno ng kabuluhan
Kasabay ka naming humakbang at nangahas
Armadong pakikibaka'y ginagap at tinanganan

Dedikasyon mo'y walang sukat, walang hangganan
Kawangis ng pag-ibig sa rebolusyon at sambayanan
Buong tapang mong hinarap ang lipunang marahas
Makatarungang digma'y isinulong at niyakap

Giyang pampulitika't Pulang mandirigma
Talim ng paninindiga'y ginamit na sandata
Mula pamantasan tungong lansangan hanggang kanayunan
Nakibaka upang baguhin, abang kalagayan ng mamamayan

Muli kong makikita ang mga mata mong puno ng pag-asa
Sa mata ng pinaglilingkuran at minamahal nating masa
Sa bawat halakhak at matatamis na ngiti
Sisilay ang mga alaalang kasama ka pa namin

Tumatangis maging ang matatayog na kabundukan
Napopoot, nagngangalit ang pulang kaparangan
Ang buhay mong inialay para sa kalayaan ng bayan
Ikinuyom ang ilang libo pang mga palad para sa himagsikan

Dugo rin ang kabayaran sa bawat inutang na dugo
Berdugong estado'y mawawasak sa huling yugto
Luluhod ang mga diyus-diyosan sa Hukumang Bayan
Kakamtin ang katarungan para sa mga bayani ng digmaan.

**Alay kay John Carlo "Ka Iñigo" Capistrano Alberto*